# Hindi kayang pumunta sa lugar ng pagboto?

## Bumoto sa 2020 General Election at referendums.

Ang 2020 General Election ay idadaos ngayon sa Ika-17 ng Oktubre kasama ang End of Life Choice at cannabis referendums. Maaari kang bumoto sa kahit saang agarang lugar ng pagboto mula Sabado Ika-3 ng Oktubre o sa kahit anong lugar ng pagboto sa araw ng eleksyon, Sabado Ika-17 ng Oktubre.



**Available ang higit pang impormasyon mula sa:**

- Bisitahin ang **vote.nz**
- Tumawag sa **0800 36 76 56**

## Complete this form to authorise someone to collect voting papers on your behalf

**Voter's details. Please print clearly**

My first name(s) are:

My last name is:

My contact telephone number is:

OFFICIAL USE ONLY:
Index reference

Address where I am enrolled to vote:

✓ Tick the electoral roll you believe you are enrolled on:

☐ General roll ☐ Māori roll

## Mga hakbang sa kaligtasan at lugar ng pagboto

Magiging iba ang 2020 General Election dahil sa COVID-19. May mga proseso kaming nasa lugar upang protektahan ka at ang iyong whanau habang ikaw ay bumoboto, kabilang ang hand sanitizer at pisikal na pagdidistansya.

## Bumoto nang maaga at malapit sa tahanan kung magagawa mo

Maaari kang bumoto mula Sabado Ika-3 ng Oktubre hanggang Biyernes ika-16 ng Oktubre sa kahit saang agarang lugar ng pagboto. Sa araw ng eleksyon, Sabado Ika-17 ng Oktubre, magbubukas ang lahat ng lugar ng pagboto mula 9.00am hanggang 7.00pm.

Bumoto nang malapit sa tahanan upang gawing mas mabilis at madali ang pagboto. Maaari kang bumoto sa kahit anong lugar ng pagboto sa Aotearoa, ngunit maaaring kailangan mong punan ang extrang form kung boboto ka sa labas ng iyong electorate.

Available ang impormasyon kung saan at kailan boboto sa **vote.nz** o sa pamamagitan ng pagtawag sa **0800 36 76 56**.

## Maaari ka pa ring bumoto kung hindi mo magawang pumunta sa lugar ng pagboto

Lagi kaming nagbibigay ng mga serbisyo sa pagboto para mga taong hindi makapunta sa lugar ng pagboto, halimbawa, dahil sa sakit, edad o kapansanan. Sa 2020, kung hindi mo magawang pumunta nang personal upang bumoto dahil sa pagkakasakit o pagkabaldado, maaari kang mag-apply para sa postal voting o hilingin sa isang tao na dalhin sa'yo ang mga voting paper mo.

## Hilingin sa isang tao na kolektahin ang iyong mga voting paper

Kumpletuhin at lagdaan ang kalakip na form at hilingin sa isang tao na dalhin ito sa lugar ng pagboto. Ibabalik nila sa'yo ang iyong mga voting paper upang kumpletuhin. Dapat ibalik ang iyong mga voting paper sa lugar ng pagboto bago mag alas 7.00 ng gabi, Sabado Ika-17 ng Oktubre.

## Mag-apply para sa postal vote

Maaari kang mag-apply para sa mga postal voting paper hanggang ika-23 ng Setyembre sa pamamagitan ng pagtawag sa **0800 36 76 56**. Kailangan mong mag-enroll bago mo kami tawagan.

Darating ang mga postal voting pack mula Sabado Ika-3 ng Oktubre hanggang Biyernes ika-9 ng Oktubre.

Kailangang nasa mail na ang mga nakumpletong postal vote pagsapit ng Miyerkules ika-14 ng Oktubre upang makaabot sa amin sa oras para sa bilangan, o maaari mong hilingin sa isang tao na dalhin ang iyong mga voting paper sa lugar ng pagboto pagsapit ng alas 7.00 ng gabi sa araw ng eleksyon, Sabado Ika-17 ng Oktubre.

## Magtatrabaho sa araw ng eleksyon?

Ligal kang pinahihintulutang lumiban muna sa trabaho upang pumunta at bumoto sa araw ng eleksyon. Maaari ka ring bumoto nang maaga sa kahit anong lugar ng pagboto simula Sabado Ika-3 ng Oktubre.

## Maaari ka pa ring bumoto kung ikaw ay nasa bahay pahingahan

Kung ikaw ay nasa bahay pahingahan at hindi ka makakapunta sa lugar ng pagboto, hindi mo kami kailangang tawagan. Makikipag-ugnayan ang iyong lokal na Returning Officer sa manager ng iyong bahay pahingahan upang masagawa ng mga serbisyo sa pagboto.

## Maaari ka pa ring bumoto kung ikaw ay nasa ospital

Kung hindi ka makapunta sa lugar ng pagboto dahil nasa ospital ka, maaaring dalhin sa'yo ng isang kaibigan o miyembro ng pamilya ang iyong mga voting paper simula Ika-3 ng Oktubre. Kung naka-iskedyul kang pumunta sa ospital bago ang araw ng eleksyon, pinakamagandang bumoto nang maaga simula Ika-3 ng Oktubre kung kaya mo.

## Maaari ka pa ring bumoto kung ikaw ay nasa pinangangasiwaang isolation o pasilidad sa quarantine

Hindi mo kami kailangang tawagan. Magtatrabaho kami kasama ng facility manager upang magbigay ng mga serbisyo sa pagboto para sa mga taong nasa pinangangasiwaang isolation o pasilidad sa quarantine.

# Give my voting papers to the person I have authorised.

**The name of the person I have authorised to collect and deliver my voting papers to me is:**

✓ ☐ **I have been authorised to collect and deliver voting papers to the voter named on this form.**

| Signature of authorised person | Date |
|---|---|
| | |

| Signature of voter | Date |
|---|---|
| | |

**Note: this application must be signed for it to be valid**